



# California Public Utilities Commission

## Programa ng Serbisyong Bilingguwal

Patakarán ng California Public Utilities Commission (CPUC) upang na pagkalooban ang publiko ng mga pantay na access sa impormasyon tungkol sa mga pangserbisyong mga programa nito. Ang CPUC ay nagsusumikap na mabawasan at/o alisin ang anumang mga hadlang sa wika para sa mga tao na hindi nagsasalita ng Ingles o may limitadong kasanayan sa Ingles Alinsunod sa ng Dymally-Alatorre para sa Mga Serbisyong Bilingguwal at Titulo VI ng Batas ng Mga Karapatang Sibil ng 1964, ang CPUC ay nagbibigay ng verbal na interpretasyon at pagsasalin ng mga nakasulat na materyales tungkol sa mga programa at mga serbisyo ng CPUC sa mga wikang hindi Ingles.

Kung ang isang tao ay hindi nasiyahan sa mga bilingguwal na mga serbisyo na natanggap sa panahon ng isang pakikipag-ugnayan sa CPUC, siya ay maaaring gumamit ng Proseso sa Reklamo ng CPUC sa Pag-access ng Wika o tumawag sa Serbisyong Bilingguwal sa 1-866-494-6186.

### Pagsasampa ng Reklamo para sa Access sa Wika

1. Ang isang tao ay maaaring magrehistro ng isang reklamo sa pamamagitan ng pagtawag sa Serbisyong Bilingguwal sa toll-free na linya ng reklamo 1-866-494-6186 o sa pamamagitan ng pagpuno sa Form sa Pagreklamo sa Pag-access ng Wika na nakapaloob sa ikalawang pahina ng dokumentong ito. Kapag ang form ay napunan na, maaari itong e-mail sa [bilingual.services@cpuc.ca.gov](mailto:bilingual.services@cpuc.ca.gov) o i-mail sa:  
Public Advisor's Office - CPUC  
505 Van Ness Avenue  
San Francisco, CA 94102
2. Ang Bilingual Services Coordinator (BSC) ay mag-tatala sa reklamo. Kung ang reklamo ay sa isang wikang hindi Ingles, ang BSC ay makikipag-ugnayan sa isang sertipikadong empleyado, o isang interpreter, para tawagan ang nagrereklamo upang matukoy ang isyu.
3. Kung ang isang reklamo ay natanggap ng isang dibisyon ng CPUC, isasangguni nila ang reklamo o ang nagrereklamo sa Serbisyong Bilingguwal. Ipoproseso ng BSC ang reklamo at makipag-ugnayan sa mamimili.
4. Tatangkain ng BSC na lutasin ang mga reklamo sa loob ng limang araw ng pagtatrabaho.
5. Kapag ang BSC ay nakaabot sa isang kalutasan, ang reklamo ay isasara at aabisuhan ang mamimili sa naaangkop na wika.



# California Public Utilities Commission

## Form sa Pagreklamo sa Pag-access ng Wika

Ang form na ito ay upang isumite ang mga reklamo sa mga isyu sa pag-access ng wika na iyong naranasan sa CPUC. Mangyaring basahin ang proseso sa pagsasampa ng mga reklamo na ibinigay sa pahina 1 ng dokumentong ito.

### Impormasyon sa Nagreklamo:

Pangalan	
Wikang Gamit:	
Petsa ng Pagsumite:	
Numero ng Telepono:	

### Mga Detalye ng Reklamo:

Petsa ng Pangyayari:	
Lokasyon o Address:	
Isyu ng Pag-Aaccess ng Wika:	

Matapos makumpleto ang form na ito, mangyaring i-save ito at e-mail sa [lingual.services@cpuc.ca.gov](mailto:lingual.services@cpuc.ca.gov) o i-print ito at i-mail sa:

Public Advisor's Office - CPUC  
505 Van Ness Avenue  
San Francisco, CA 94102

Para sa mga pangkalahatang katanungan, mangyaring e-mail [lingual.services@cpuc.ca.gov](mailto:lingual.services@cpuc.ca.gov) o tumawag sa 1-866-494-6186.

### PAUNAWA SA PERSONAL NA IMPORMASYON

Alinsunod sa Batas Pederal sa Pagkapribado (P.L. 93-579) at ang Batas sa Kasanayan sa Impormasyon ng 1977 (Seksyon ng Kodigo Sibil 1798, et seq.), Ang paunawa ay aming ibinigay para sa kahilingan sa personal na impormasyon sa pamamagitan ng form na ito. Ang hinihiling na personal na impormasyon ay kusang-loob. Ang pangunahing layunin ng mga kusang-loob na impormasyon ay upang mapadali ang pagproseso ng form na ito. Ang kabiguan na magbigay ng lahat o anumang bahagi ng ang hiniling na impormasyon ay maaaring mag-antala sa pagpoproseso ng form na ito. Walang pagsisiwalat ng personal na impormasyon ang gagawin maliban kung papayagan sa ilalim ng Artikulo 6, Seksyon 1798.24 ng IPA ng 1977. Ang bawat indibidwal ay may karapatan sa kahilingan at tamang pagkilala, upang siyasatin ang lahat ng personal na impormasyon sa anumang mga talaan na pinananatili sa mga indibidwal sa pamamagitan ng isang partikular na pagkilala.